# *Bantay Yugto 10*
# *Ano ang Matutunan mo mula kay Moise at Aaron bilang isang Bantay*

Si Moises at Aaron bilang mga bantay ay nagtalaga kay Eleazar ang anak no Aaron na bantayan ang paglilingkod na iyon sa santuwaryo ay isinasagawa alinsunod sa Salita ng Dios.

***"1 At sinalita ng PANGINOON kay Moises at kay Aaron, na sinasabi, 2 Ayusin ninyo ang bilang ng mga anak ni Coath, sa gitna ng mga anak ni Levi, ayon sa kanilang mga angkan, ayon sa mga sangbahayan ng kanilang mga magulang. 3 Mula sa tatlong pung taong gulang hanggang sa limang pung taong gulang, lahat ng pumapasok sa paglilingkod, upang gumawa ng gawain sa tabernakulo ng kapisanan. 4 Ito ang paglilingkod ng mga anak ni Coath sa tabernakulo ng kapisanan, sa mga bagay na kabanalbanalan: 5 Pagka ang kampamento ay isusulong, ay papasok si Aaron sa loob, at ang kaniyang mga anak, at kanilang ibababa ang lambong ng tabing, at kanilang tatakpan niyaon ang kaban ng patotoo: 6 At kanilang ilalagay sa ibabaw ang isang takip na balat ng foka at kanilang lalatagan ang ibabaw ng isang kayong taganas na bughaw, at kanilang ilalagay ang mga pingga niyaon. 7 At sa ibabaw ng dulang ng tinapay na handog ay maglalatag sila ng isang kayong bughaw, at kanilang ilalagay sa ibabaw nito ang mga pinggan, at ang mga sandok, at ang mga mangkok, at ang mga tasa upang buhusan; at ang namamalaging tinapay ay malalagay sa ibabaw niyaon. 8 At kanilang lalatagan ang ibabaw ng mga yaon ng kayong pula, at kanilang tatakpan ito ng isang panakip na balat ng foka, at kanilang ilalagay ang mga pingga. 9 At kukuha sila ng isang kayong bughaw at kanilang tatakpan ang kandelerong pangtanglaw at ang mga ilawan, at ang mga gunting, at ang mga pinggan, at ang lahat ng sisidlan ng langis niyaon, na kanilang pinangangasiwaan: 10At kanilang ilalagay, pati ang lahat ng kasangkapan niyaon sa loob ng isang takip na balat ng foka, at kanilang ilalagay sa ibabaw ng isang patungan. 11 At ang ibabaw ng dambanang ginto ay kanilang lalatagan ng isang kayong bughaw, at kanilang tatakpan ng isang panakip na balat ng foka, at kanilang ilalagay ang mga pingga niyaon: 12 At kanilang kukunin ang lahat ng mga kasangkapan na ukol sa pangangasiwa na ipinangangasiwa nila sa santuario, at kanilang ilalagay sa isang kayong bughaw, at kanilang tatakpan ng isang panakip na balat ng foka, at kanilang ipapatong sa patungan. 13 At kanilang aalisin ang mga abo sa dambana at kanilang lalatagan ng isang kayong kulay ube. 14 At kanilang ipapatong doon ang lahat ng mga kasangkapan na kanilang ipinangangasiwa sa palibot ng dambana, ang suuban at ang mga pangipit, at ang mga pala at ang mga mangkok, lahat ng mga kasangkapan ng dambana; at kanilang lalatagan ng isang panakip na balat ng foka, at kanilang ilalagay ang mga pingga niyaon. 15 At pagka si Aaron at ang kaniyang mga anak ay nakatapos na makapagtakip sa santuario at sa buong kasangkapan ng santuario, kailan ma't isusulong ang kampamento: ay magsisilapit pagkatapos ang mga anak ni Koath upang kanilang buhatin yaon: datapuwa't huwag silang hihipo sa santuario, baka sila'y mamatay. Ang mga bagay na ito ay siyang pasanin ng mga anak ni Coath sa tabernakulo ng kapisanan. 16 At ang magiging katungkulan ni Eleazar na anak ni Aaron na saserdote, ay ang langis sa ilawan, at ang mabangong kamangyan, at ang palaging handog na harina, at ang langis na pang-pahid, at ang pagiingat ng buong tabernakulo at ng lahat na nandoon, ang santuario at ang mga kasangkapan niyaon. 17 At sinalita ng Panginoon kay Moises at kay Aaron, na sinasabi, 18 Huwag ninyong ihiwalay ang lipi ng mga angkan ng mga Coathita sa gitna ng mga Levita. 19 Kundi gawin ninyo sa kanila ang ganito, upang sila'y mabuhay at huwag mamatay, paglapit nila sa mga kabanalbanalang bagay: si Aaron at ang kaniyang mga anak ay paparoon at ituturo sa bawa't isa ang kanikaniyang paglilingkod at ang kanikaniyang pasanin: 20 Nguni't sila'y huwag magsisipasok upang tingnan ang santuario kahit sandali man, baka sila'y mamatay." (Bilang 4:1-20 KJV)*** Dapat maging mapanuri ang bantay kung paano ibigay nang may pag-iingat sa bawat isa ang kanyang ministeryo at kung paano bantayan at obserbahan sila kung paano nila ito ginagawa. Noong panahon ni Moises, may dalawang grupo ng mga manggagawa sa santuwaryo, ang mga Pari at ang mga Levita. Bawat isa sa kanila ay may iba't ibang pananagutan. Ang mga Levita dito ay kinakatawan ng sangay ng mga Coathita ng mga Levita. Sila ay nasa ilalim ng direksyon ng pari. ***"16 At ang magiging katungkulan ni Eleazar na anak ni Aaron na saserdote ....at ang pagiingat ng buong tabernakulo at ng lahat na nandoon, ang santuario at ang mga kasangkapan niyaon," (Bilang 4:16 KJV)*** Alinsunod sa Salita ng Dios bawat isa sa kanila ay mayroong kanya-kanyang takdang gawain at hindi dapat gumawa ng mga na hindi iniutos sa kanila. Ang mga Coathita ay hindi dapat lumapit sa kabanalbanalang bagay, kung gayon ang payo ng Dios ay ang sumusunod: ***"19 Kundi gawin ninyo sa kanila ang ganito, upang sila'y mabuhay at huwag mamatay, paglapit nila sa mga kabanalbanalang bagay: si Aaron at ang kaniyang mga anak ay paparoon at ituturo sa bawa't isa ang kanikaniyang paglilingkod at ang kanikaniyang pasanin: 20 Nguni't sila'y huwag magsisipasok upang tingnan ang santuario kahit sandali man, baka sila'y mamatay." (Bilang 4:19-20 KJV)*** Gaya ng binasa natin, ang mga saserdote, ang salinlahi ni Aaron ay dapat balutin ang lahat ng bagay at pagkatapos ang mga Coathita ay lalapit at dadalhin ang mga ito, at kapag dala dala na nila, sila ay nasa ilalim ng direktang utos ng saserdote na magbibigay ng utos kung ano ang dadalhin. Ang mahalagang talata mula sa nabanaggit na talata para sa paglilingkod ng bantay ay nasa talata 17 at 18. ***"17 At sinalita ng PANGINOON kay Moises at kay Aaron, na sinasabi, 18 Huwag ninyong ihiwalay ang lipi ng mga angkan ng mga Coathita sa gitna ng mga Levita." (Bilang 4:17-18 KJV)*** Bilang mga bantay sina Moises at Aaron ay nagtalaga kay Eleazar ang anak ni Aaron na

bantayan kung anong nangyayari sa tolda ng kapulungan, upang protektahan ang mga Coathita sa hindi pagpapahitulot sa kanila na gawin ang tiyak na mga pagkilos na hindi magiging kalugod lugod sa Dios at ilantad sila sa kamatayan.

Paano natin isasagawa ang nasa itaas na mensahe sa buhay ng ministeryo ngayon? Sa bawat kapisanan mayroong mga manggagawa ng may iba't ibat antas ng nagawa, pagpapabanal at kabanalan.

Mayroong maaring maging mga pastor at mayroon maaring maging mga manggagawa. Ang punto dito na hindi natin dapat ipasa ang responsibilidad sa mga tao na hindi pa ganap o hindi pa kayang hawakan ang tiyak na gawain na walang panganib. Marami sa mga binigyan ng tiyak na responsibilidad sa simbahan ay maaaring hindi pa angkop sa gawain at kapag sila ay nagsimulang maglingkod ay gagawa sila ng mga pagkakamali at maling hakbang at kahit pagkakasala na magdadala ng galit ng Dios at ng Kanyang poot.

Ang Panginoon ay tinatawag tayo na maging may pananagutan sa usapin ng pagtatalaga kung kanino at ano ang ating itatalaga. Bilang mga tagapangalaga at may hawak ng mahalagang posisyon, dapat nating malaman kung ano ang dapat italaga at kanino natin ito dapat ibigay. Sinabi ni Pablo kay Timoteo na gawin ang lahat ng kanyang mga ministeryo, ***"5 Nguni't ikaw ay magpigil sa lahat ng mga bagay, magtiis ka ng mga kahirapan, gawin mo ang gawa ng evangelista, ganapin mo ang iyong ministerio." (2 Timoteo 4:5 KJV)*** Sinabi niya rin sa kanya na huwag magmadaling ipatong ang mga kamay sa iba upang ipasa sa kanila nag mga pananagutan. ***"22 Huwag mong ipatong na madalian ang iyong mga kamay sa kanino man, ni huwag kang makaramay sa mga kasalanan ng iba: ingatan mong malinis ang iyong sarili." (1 Timoteo 5:22 KJV)***

Ang mga sumusunod na bagay na kailangan nating sundin sa pagtatalaga ng mga responsibilidad

***1. May tiyak na pinakamababang tagal ng panahon na kinakailangan bago tayo magtakda ng mga responsibilidad:*** Ang oras ang maghahayag ng mga bagay na hindi agad nakikita sa unang pagkakataon. Pinakamababa na 6-12 buwan bago tayo magtalaga. Laging ang mga nananatili sa atin at sa mahabang panahon ay mas pinapaboran para sa layunin ng pagtatalaga. Ang sinaunang simbahan nang nais nilang palitan ang puwesto ni Judas, inilagay nila ang mga pamantayang ito. ***"21 Sa mga taong ito nga na nangakisama sa atin sa buong panahon na ang Panginoong si Jesus ay pumapasok at lumalabas sa atin," (Mga Gawa 1:21 KJV)*** Ang mga nanatili kasama natin at para sa mahabang panahon sila'y tapat na mga tao.

***2. Ang antas ng kaganapan at ang katangian at asal ng manggagawa ay kailangang tingnan bago ang pagtatakda:*** May tiyak na mga tao ay nagpapakita ng kanilang katapatan sa Panginoon at sa simbahan ngunit hindi pa sila umaabot sa tiyak na antas ng kaganapan o ang kanilang pag uugali ay hindi maaasahan sa ministeryo.

***3. Ang antas ng katapatan ng manggagawa:*** Ang manggagawa na kandidato para sa anumang ministeryo, ang kanyang pangako sa Dios, buhay ng panalangin, pagbabasa at pag-aaral ng Salita ng Dios, ang kanyang pangako sa simbahan, sa kanyang pamilya, sa kanyang trabaho at ang kanyang responsibilidad sa lipunan sa pangangaral ng evangelio ay dapat suriin bago ang pagtatakda.

***4. Pagkatapos ipasa ang mga pananagutan kinakailangan ng isang panahon ng malapit na pagmamasid upang ang kanyang mga ngawa:*** Bawat manggagawa ay kinakailangan ang isang panahon ng malapit na pagmamasid upang tingnan ang kanilang mga tagumpay: Isang panahon, halimbawa, ng tatlo hanggang anim na buwan, higit o mas kaunti, ang kinakailangan bago natin sila payagang maglingkod at gawin ang kanilang ministeryo nang mag-isa.

***5. Patuloy na pagsubaysay at pangangasiwa para sa lahat ng mga manggagawa:*** Ang bawat manggagawa ay kailangang subaybayan at ang kanyang katangian, pag uugali at kaganapan ay masuri at anumang kinakailangang para sa kanila ay dapat gawin upang mapanatili sila.

***"1 At sinalita ng PANGINOON kay Moises, na sinasabi, 2 Salitain mo kay Aaron, at sabihin mo sa kaniya, Pagsisindi mo ng mga ilawan, ay iyong papagliliwanagin ang pitong ilawan sa harap ng kandelero." (Bilang 8:1-2 KJV)*** Ang sinasabi ng Dios kay Aaron sa pamamagitan ni Moises na kapag kapag isasaayos niya ang mga ilawan, dapat silang nasa tiyak na pagsasaayos at direksyon upang ang lugar sa harap ng ilawan ay maging mas maliwanag. Kaya dito, ang Dios ay naghahanap ng tiyak na mga katangian sa pagpapaabot ng serbisyo sa Dios o sa ibang salita, ang Dios ay naghahanap ng bisa. Nais ng Panginoon na maging epektibo ka sa iyong serbisyo at ministeryo. Dapat ang liwanag ng Dios ay kuminang sa iyo sa ibang tao na nasa paligid mo at nakikipag-ugnayan sa iyo. ***"16 Lumiwanag na gayon ang inyong ilaw sa harap ng mga tao; upang mangakita nila ang inyong mabubuting gawa, at kanilang luwalhatiin ang inyong Ama na nasa langit. (Mateo 5:16 KJV)*** Dapat mong ipamuhay ang Salita ng Dios at gamitin ang Salita ng Dios nang tama sa tulong ng Banal na Espiritu upang ang layunin ng Dios sa pamamagitan mo sa buhay ng mga tao ay makamit. ***"15 Pagsikapan mong***

***humarap na subok sa Dios, manggagawang walang anomang ikahihiya, na gumagamit na matuwid ng salita ng katotohanan." (2 Timoteo 2:15 KJV)*** Ang Salita ng Dios ay magdadala ng liwanag sa buhay ng mga tao at ipapakita nang malinaw kung ano ang ginagawa ng Dios sa kanilang mga buhay at ipapakita sa kanila ang landas na ipinapakita ng Dios na kanilang tatahakin at gagawin. Kapag ginagamit mo nang tama at epektibo ang Salita ng Dios, makikita ng mga tao na iniwan nila ang kadiliman at pumasok sa isang maliwanag na buhay at pamumuhay. Kapag ikaw ay nasa ganitong kahusayan, ang mga tao kapag sila ay mauupo sa iyo ay mararanasan ang sinabi ni Jesus. ***"12 Muli ngang nagsalita sa kanila si Jesus, na sinasabi, Ako ang ilaw ng sanglibutan: ang sumusunod sa akin ay hindi lalakad sa kadiliman, kundi magkakaroon ng ilaw ng kabuhayan." (Juan 8:12 KJV)***

***"1 At sinalita ng PANGINOON kay Moises at kay Aaron, na sinasabi, 2 Ito ang palatuntunan ng kautusan na iniutos ng PANGINOON, na sinasabi, Salitain mo sa mga anak ni Israel, na sila'y magdala sa iyo ng isang mapulang guyang bakang babae, na walang kapintasan, na walang dungis, na hindi pa napapatungan ng pamatok. 3 At ibibigay ninyo kay Eleazar na saserdote, at kaniyang ilalabas sa kampamento at papatayin ng isa sa kaniyang harapan: 4 At si Eleazar na saserdote ay dadampot ng dugo sa pamamagitan ng kaniyang daliri, at magwiwisik ng dugo na makapito sa dakong harap ng tabernakulo ng kapisanan: 5 At susunugin ng isa sa paningin niya ang guyang bakang babae; ang balat niyaon at ang laman niyaon, at ang dugo niyaon, sangpu ng dumi niyaon, ay susunugin niya:" (Bilang 19:1-5 KJV)*** Muli narito ang Panginoon ay hinahanap para sa mabisang paglilingkod sa Dios. Mula sa itaas na kasulataan ang saserdote ay susuriin ang mga sumusunod:

***1. Ang ihahandog sa dambana ng Dios ay walang kapintasan: "Salitain mo sa mga anak ni Israel, na sila'y magdala sa iyo ng isang mapulang guyang bakang babae, na walang kapintasan,…" (Bilang 19:2 KJV)*** Hindi ka dapat makipagkompromiso kundi dapat turuan ang mga tao na parangalan ang Dios sa kung anong ihahandog nila sa Kanya. Ang nangyari sa panahon ni Malakias ay hindi dapat mangyari sa iyong buhay at ministeryo: ***"7 Kayo'y nangaghahandog ng karumaldumal na hain sa aking dambana. At inyong sinasabi, Sa ano namin nilapastangan ka? Sa inyong sinasabi, ang dulang ng PANGINOON ay hamak. 8 At pagka kayo'y nangaghahandog ng bulag na pinakahain, di kasamaan! at pagka kayo'y nangaghahandog ng pilay at may sakit, di kasamaan! Iharap mo nga sa iyong tagapamahala; kalulugdan ka baga niya? o tatanggapin baga niya ang iyong pagkatao? sabi ng Panginoon ng mga hukbo." (Malakias 1:7-8 KJV)*** Dapat mong turuan ang mga tao na parangalan ang Dios at ihandog sa Kanya ang pinaka mainan sa kung ibinigay Niya sa kanila.

***2. Kasakdalan sa pagsasakatuparan sa kung anong kinakailangan: "5 At susunugin ng isa sa paningin niya ang guyang bakang babae; ang balat niyaon at ang laman niyaon, at ang dugo niyaon, sangpu ng dumi niyaon, ay susunugin niya:" (Bilang 19:5 KJV)*** * Bantayan at sanayin ang mga tao na gawin ang ministeryo nang may kasakdalan. Kailangan nilang maglingkod nang buong puso (lubos). Mangyayari ito kapag ang mga tao ay tinuruan na obserbahan ang lahat ng utos at tuntunin ng Dios. * Sanayin sila na sundin ang mga sumusunod: ***"5 At iyong iibigin ang PANGINOON mong Dios ng iyong buong puso, at ng iyong buong kaluluwa, at ng iyong buong lakas. 6 At ang mga salitang ito, na aking iniuutos sa iyo sa araw na ito, ay sasa iyong puso:" (Deutronomio 6:-6 KJV)***

***"1 At sinalita ng PANGINOON kay Moises at kay Aaron, na sinasabi, 2 Pagka ang sinomang tao ay nagkaroon sa balat ng kaniyang laman, ng pamamaga, o langib, o pantal na makintab at naging salot na ketong sa balat ng kaniyang laman, ay dadalhin nga siya kay Aaron na saserdote, o sa isa sa kaniyang mga anak na saserdote: 3 At titingnan ng saserdote ang tila salot na nasa balat ng kaniyang laman: at kung ang balahibo sa tila salot ay pumuti, at makitang ang sugat ay malalim kay sa balat ng kaniyang laman, ay salot na ketong nga: at siya'y mamasdan ng saserdote at ipakikilala siyang karumaldumal. 4 At kung ang pantal na makintab ay maputi sa balat ng kaniyang laman, at makitang hindi malalim kaysa balat, at ang balahibo niyaon ay hindi pumuti, ay kukulungin ng saserdote ang may tila salot na pitong araw. 5 At titingnan siya ng saserdote sa ikapitong araw: at, narito, kung makitang ang tila salot ay tumigil, at hindi kumalat ang tila salot sa balat, ay kukulungin uli siya ng saserdote na pitong araw: 6 At titingnan siya uli ng saserdote sa ikapitong araw: at, narito, kung makitang ang tila salot ay namutla, at ang tila salot ay hindi kumalat sa balat, ay ipakikilalang malinis siya ng saserdote: langib yaon; at kaniyang lalabhan ang kaniyang suot, at magiging malinis. 7 Datapuwa't kung ang langib ay kumakalat sa balat, pagkatapos na siya'y makapakita sa saserdote upang siya'y linisin, ay pakikita siya uli sa saserdote: 8 At titingnan siya ng saserdote; at, narito, kung ang langib ay kumakalat sa balat, ay ipakikilala ng saserdote na karumaldumal: ketong nga yaon. 9 Pagka nagkaroon ng tila salot na ketong ang sinomang tao, ay dadalhin siya sa saserdote; 10 At titingnan siya ng saserdote; at, narito, kung makitang may pamamaga na maputi sa balat, na pumuti ang balahibo, at may matigas na lamang buhay sa pamamaga. 11 Ay malaong ketong nga sa balat ng kaniyang laman, at ipakikilala ng saserdote na siya'y karumaldumal; hindi siya kukulungin; sapagka't siya'y karumaldumal. 12 At kung kumalat ang ketong sa balat, at matakpan ng ketong ang buong balat ng may tila salot, mula sa ulo hanggang sa kaniyang mga paa, sa buong maaabot ng paningin ng saserdote; 13 At titingnan nga siya ng saserdote; at, narito, kung makitang ang ketong ay kumalat sa buong laman niya, ay ipakikilalang malinis***

***ang may tila salot: pumuting lahat: siya'y malinis." (Levitico 13;1-13 KJV)*** Isa sa mga pananagutan ng saserdote sa panahon ni Moises ay suriin nang mabuti ang mga may sakit sa balat at alamin kung malinis o marumi ang mga ito. Kung sila'y marumi, ihihiwalay nila sila sa labas ng lunsod, at kung sila'y malinis ay ibabalik nila sila upang manirahan na kasama ng bayan. Ikaw ay may pananagutan na maging makilala at makita ang kasalanan sa buhay ng mga tao at upang makilala kung may pagsisisi o hindi. Ang Salita ng Dios at ang Banal na Espiritu ay gagabay sa iyo at magbibigay sa iyo ng pang-unawa upang matukoy kung ano ang kailangan mong gawin. Kailangan mong makita ang kasalanan ayon sa pagtingin ng Dios. Sa aklat nina Jeremias at Ezekiel, tinawag ng Dios ang pansin nina Jeremias at Ezekiel bilang mga bantay upang makita ang kasalanan ng mga tao gaya ng mababasa mo sa mga sumusunod na banal na kasulatan:

***1. "Hindi mo ba nakikita kung ano ang kanilang ginagawa sa bayan ng Juda at sa mga lansangan ng Jerusalem?." (Jeremia 7:17 KJV)***
***2. "9 At sinabi niya sa akin, Ikaw ay pumasok, at tingnan mo ang mga masamang kasuklamsuklam na kanilang ginagawa rito. 10 Sa gayo'y pumasok ako at nakita ko; at narito, ang bawa't anyo ng nagsisiusad na mga bagay, at kasuklamsuklam na mga hayop, at lahat ng mga diosdiosan ng sangbahayan ni Israel, na nakaguhit sa pader sa palibot. 11 At nagsitayo sa harap nila ang pitong pung lalake sa mga matanda ng sangbahayan ni Israel; at sa gitna nila ay tumayo si Jaazanias na anak ni Saphan, bawa't lalake ay may kaniyang pangsuub sa kaniyang kamay; at ang amoy ng usok ng kamangyan ay napailanglang. 12 Nang magkagayo'y sinabi niya sa akin, Anak ng tao, nakikita mo baga kung anong ginagawa ng mga matanda ng sangbahayan ni Israel sa kadiliman, bawa't isa'y sa kaniyang mga silid na nilarawanan? sapagka't kanilang sinasabi, Hindi tayo nakikita ng Panginoon; pinabayaan ng Panginoon ang lupa. 13 Sinabi rin niya sa akin, Iyong muling makikita pa ang mga ibang malaking kasuklamsuklam na kanilang ginagawa. 14 Nang magkagayo'y dinala niya ako sa pintuan ng pintuang-daan ng bahay ng Panginoon na nasa dakong hilagaan; at, narito, doo'y nangaupo ang mga babae na iniiyakan si Tammuz. 15 Nang magkagayo'y sinabi niya sa akin, Nakita mo baga ito, Oh anak ng tao? iyo pa muling makikita ang lalong malaking mga kasuklamsuklam kay sa mga ito." (Ezekiel 8:9-15 KJV)***

Ang Salita ng Dios ay sinasabi sa mga tao na nabigong hindi makita ang kasalanan kung ano ito. Nang makita ni Eva ang bunga ng ipinagbabawal na puno, nakita niyang sa pagkain nito ay may karunungan at hindi niya nakita ang kasalanan. ***"6 At nang makita ng babae, na ang bunga ng punong kahoy ay mabuting kanin, at nakalulugod sa mga mata, at kahoy na mananasa upang magpapantas sa tao, ay pumitas siya ng bunga niyaon at kinain; at binigyan din niya ang kaniyang asawang kasama niya, at ito'y kumain." (Genesis 3:6 KJV)*** Hindi magaling na bantay si Eva. Ganun din ang ginawa ng asawa ni Lot nang hindi niya ginamit ang kanyang mga mata na bantayan ang kaligtasan ng Dios. Sa halip, ginamit niya ang kanyang mga mata upang labagin ang Dios nang siya ay lumingon pabalik. ***"26 Datapuwa't ang asawa ni Lot ay lumingon sa likuran ni Lot, at naging haliging asin." (Genesis 19:26 KJV)***

Bakit nais ng Dios na makita mo ang kasalanan nang malinaw?

***1. Upang bantayan ang iyong buhay at iwasan ang kasalanan: "6 Huwag nga tayong mangatulog, gaya ng mga iba, kundi tayo'y mangagpuyat at mangagpigil. " (1 Tesalonica 5:6 KJV) "16 Magingat ka sa iyong sarili, at sa iyong turo. Manatili ka sa mga bagay na ito; sapagka't sa paggawa nito ay ang iyo ring sarili ang ililigtas mo at pati ng mga nagsisipakinig sa iyo." (1 Timoteo 4:16 KJV)***

***2. Upang manalangin:*** Pinayuhan tayo ni Jesus na manalangin upang hindi tayo mahulog sa tukso. ***"7 Nguni't ang wakas ng lahat ng mga bagay ay malapit na: kayo nga'y mangagpakahinahon, at mangagpuyat sa pananalangin:" (1 Pedro 4:7 KJ) "18 Na magsipanalangin kayo sa Espiritu ng lahat ng panalangin at daing sa buong panahon, at mangagpuyat sa buong katiyagaan at daing na patungkol sa lahat ng mga banal," (Epeso 6:18 KJV)***

***3. Upang babalaan ang iba:*** Bilang ang mensahe ay ipinadala sa pamamagiatn ni Apostol Juan sa simbahan sa Sardis, ***"2 Magpuyat ka, at pagtibayin mo ang mga bagay na natitira, na malapit ng mamatay: sapagka't wala akong nasumpungang iyong mga gawang sakdal sa harapan ng aking Dios. 3 Alalahanin mo nga kung paanong iyong tinanggap at narinig; at ito'y tuparin mo, at magsisi ka. Kaya't kung hindi ka magpupuyat ay paririyan akong gaya ng magnanakaw, at hindi mo malalaman kung anong panahon paririyan ako sa iyo." (Pahayag 3:2-3 KJV)***

***4. Upang himukin sila at hikayatin sila na itigil ang kasalanan: "19 Magpuyat ka, at pagtibayin mo ang mga bagay na natitira, na malapit ng mamatay: sapagka't wala akong nasumpungang iyong mga gawang sakdal sa harapan ng aking Dios. 3 Alalahanin mo nga kung paanong iyong tinanggap at narinig; at ito'y tuparin mo, at magsisi ka. Kaya't kung hindi ka magpupuyat ay paririyan akong gaya ng magnanakaw, at hindi mo malalaman kung anong panahon paririyan ako sa iyo." (Santiago 5:19-20 KJV)***

***Sa aking mahal at minamahal:*** * Bilang isang bantay, tinawag ka upang protektahan ang espiritwal na buhay ng mga tao, ng iyong mga kapatid na inilagay ng Panginoon sa iyong pangangalaga upang tulungan ka sa paglilingkod sa Panginoon. Samakatuwid, maayos at maingat na pangunahan sila at ipakilala sila sa paglilingkod sa Dios. * Tulad nina Aaron at ang kaniyang mga anak ay papasok, at itatalaga ang bawat isa sa kanilang serbisyo at sa kanilang pasanin, kailangan mo ring gawin ang pareho at tulungan ang iba na maglingkod sa Dios sa ilalim ng iyong direktang pangangasiwa.

Bilang isang bantay, tinawag ka ng Dios upang ialay ang iyong buhay sa Kanya at pagsilbihan Siya ng may kahusayan, at upang ibahagi ang mga katangian at pagiging mabunga sa buhay ng mga tao na iyong nakakasalamuha at pinaglilingkuran. Ang liwanag ng Dios ay dadaloy sa iyo patungo sa kanilang mga buhay, at magdadala ng pagbabago sa kanilang mga buhay habang ikaw ay nananatili sa pagtawag ng Dios. Manalangin tayo ….

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios Ako'y luamalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa Krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli mula sa mga patay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat para sa iyong Salita na niliwanagan ang aking isipan, tinuruan ako kung paanong maging epektibong bantay na nagmamalasakit at nag-iingat sa buhay ng mga tao na ipinagkatiwala sa aking pangangalaga. Panginoon, salamat sa lahat ng mga aral, mga pagwawasto, mga pagsaway at mga babala na aming natanggap mula sa iyo.*

*Ipagtapat at talikuran ang mga ito. Ipagtapat at talikuran ang iyong kawalang-ingat at kapabayaan sa kung paano alagaan ang mga taong nasa iyong pangangalaga at ang iyong maling paraan sa pagpili ng mga manggagawa at pagtatalaga ng mga responsibilidad. Ipagtapat ang iyong kawalan ng karunungan at kaalaman. Ipagtapat at talikuran ang iyong kakulangan sa pagiging perpekto at ang hindi pagtapos sa ministeryong ipinagkatiwala sa iyo. Ipagtapat ang iyong kakulangan sa pagbabasa ng Salita ng Dios at ang iyong kawalang-ingat sa paglalapat nito sa iyong buhay at ministeryo. Ipagtapat at talikuran ang iyong walang kahandaang maglingkod sa Dios at magdusa para kay Cristo. Ipagtapat at talikuran ang iyong pagka mundo at ang iyong pagibig sa mga materyal na bagay. Panginoon, patawarin mo ako, ako'y nagsisisi sa mga sumusunod na kasalanan* ________________________________

*Panginoon, inilalaan ko ang aking sarili upang sumunod sa Iyong Salita at tagubilin at maging responsable sa pangangalaga sa espiritwal na buhay ng mga tao na iyong inilagay sa aking pangangalaga sa paraan ng pagdedetalye sa kanila ng mga responsibilidad na angkop para sa kanila. Panginoon, bigyan Mo ako ng karunungan, pang-unawa, at lakas na kinakailangan upang magawa ito. Panginoon, inilalaan ko aking ang sarili upang sumunod sa Iyong Salita at tagubulin at maging epektibo sa aking ministeryo, na nagdadala ng pinakamainam na serbisyo ng Dios at ibinubuhos iyon sa buhay ng mga tao na iyong inilagay sa aking paligid at nasa aking pangangalaga. Panginoon, bigyan mo ako ng lakas, mga kasanayan, at kakayahang gawin ito. Ito ang aking panalangin sa pangalan ni Jesus, Amen*

*Panginoon, salamat sa aking mga kapatid na nagsisi sa kanilang mga kasalanan at nagpasya na sundin ang iyong Salita at ang mga tagubilin na aming natanggap sa mensaheng ito. Panginoon, bigyan mo ako ng karunungan at pang-unawa upang maging epektibo sa ministeryong ipinagkatiwala mo sa kanila. Panginoon, bigyan mo sila ng kahinahunan at tiyaga upang mapabuti ang kanilang paglilingkod sa iyo at sa iyong bayan at upang matapos ang kanilang gawain sa tamang paraan. Panginoon, bigyan mo sila ng pagtakot sa iyo upang maging masigasig sa pagtupad ng ministeryong ipinagkatiwala mo sa kanila at alagaan at protektahan ang mga tao sa kanilang pangangalaga. Panginoon, ipagkaloob mo ang lahat ng kanilang pangangailangan upang makapagpatuloy sila sa paggawa ng Iyong kalooban. Panginoon, gantimpalaan Mo sila at gawing magandang patotoo ang kanilang mga buhay sa iba upang makapaglilingkod sa Iyo.*

*Panginoon, pagpalain mo kami bilang isang simbahan, at tulungan mo kaming ituro at payuhan ang iyong bayan gamit ang iyong Salita at mga utos. Panginoon, bigyan mo kami ng karunungan kung paano pamahalaan ang lahat ng aming mga ministeryo at pumili ng tamang mga manggagawa at ilagay sila sa tamang mga lugar. Panginoon, itaas mo ang higit pang mga tapat na bantay at bantay-babae na magbabantay at makikipagtulungan sa amin para sa iyong Salita at upang ang iyong kalooban ay matupad. Panginoon, puspusin mo kami muli ng Banal na Espiritu at bigyan mo kami ng mga espirituwal na kaloob na kailangan namin upang yumaon at paglingkuran ka; upang mag evangelio, gumawa ng mga alagad, sanayin ang mga manggagawa at magtanim ng higit pang mga pag-aaral sa Bibliya at mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon, nananalangin kami para sa higit pang mga tao na mabautismuhan sa tubig at tumanggap ng bautismo ng Banal na Espiritu. Panginoon tuparin nawa ng ang pananaw ng simbahan, "Pagpaparami sa kapayapaan sa pagsasakatuparan ng buong kalooban ng Dios." Panginoon pagpalain kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami mula sa pinsala upang hindi kami makaramdam ng sakit. Nawa'y ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pag-ibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com